5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino 5**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa taong panuruang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:

- Maria Fe G. Hicana, Ph.D (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

Mga Tagasuri:

- Jasper P. Lomtong, M.A (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Una | |
| **Bilang ng Aralin** | 2 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Epiko** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain: Epiko (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**
Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto.

**III. Mga Kailangang Materyales**
lapis, papel

**IV. Panuto:** Basahin ang epikong Hinilawod at sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba.

**Hinilawod**

*Hinilawod, Epiko ng Panay. (2024). Halaw mula sa:*
*https://www.tagaloglang.com/hinilawod/*



*Larawan mula sa: Camus, M. (2023). Explore Hinilawod: Discover an Epic Tale of Filipino Heritage. Sinaunang panahon* *https://sinaunangpanahon.com/explore-hinilawod-discover-an-epic-tale-of-filipino-heritage*

**Pinagmulan ng Hinilawod**

Tinatawag na Hinilawod ang epikong-bayan ng mga Sulod na nakatira sa bulubunduking bahagi ng Panay. May dalawa itong pangunahing tauhan, sina Labaw Donggon at Humadapnon, at may mga sariling salaysay. Sa saliksik ni F. Landa Jocano, kaniyang naitala ang Labaw Donggon noong 1956 mula kay Ulang Udig, isang Sulod sa Iloilo.

**Buod ng Hinilawod**

Si Labaw Donggon ay isa sa tatlong malabathalang anak nina Abyang Alunsina na isang diwata, at ang kaniyang ama na si Datu Buyung Paubari, isang mortal o tao. May dalawa siyang kapatid. Ito ay sina Humadapnon at Dumalapdap. Nagpatawag sila ng pari upang isagawa ang ritwal na magdudulot ng mabuting kalusugan ng tatlo. Pagkatapos ng ritwal, ang tatlong sanggol ay biglang naging malalakas at makikisig na binata. Pagkapanganak kay Labaw Donggon ay naghanap agad siya ng mapapangasawa. Mahilig sa magagandang babae si Labaw Donggon. Una niyang napangasawa si Abyang Ginbitinan. Bago niya nakuha si Abyang Ginbitinan ay nakipaglaban muna siya sa isang halimaw. Nang mapatay niya ang halimaw ay ikinasal agad sila at naglakbay pabalik sa bayan ni Labaw Donggon. Ang ikalawa niyang napangasawa ay si Anggoy Doronoon. At ang ikatlo ay si Malitong Yawa Sinagmaling. Naging pinakamahirap ang pakikipagsapalaran ni Labaw Donggon upang makuha si Malitong Yawa Sinagmaling na asawa ni Saragnayan na tagapag-alaga ng araw. Dahil may agimat din si Saragnayan, natalo niya si Labaw Donggon sa labanan na tumagal ng maraming taon. Ibinilanggo ni Saragnayan si Labaw Donggon sa kulungan ng baboy sa silong ng bahay niya.

Ang dalawang asawa ni Labaw Donggon na sina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon ay nanganak ng dalawang lalaki. Ito ay sina Asu Mangga at Buyung Baranugan. Hinanap ng magkapatid ang ama nila na si Labaw Donggon. Nakaharap ng magkapatid si Saragnayan. Buong-tapang na nakipaglaban sila kay Saragnayan at namangha sila sa sobrang lakas nito. Hindi nila matatalo-talo ang lakas ni Saragnayan. Bumalik Buyung Baranugan sa kaniyang lola na si Abyang Alunsina upang humingi ng payo. Dito niya nalaman na ang kapangyarihan pala ni Saragnayan ay nakatago sa isang baboy ramo. Mapapatay lamang si Saragnayan kapag napatay ang baboy ramo na kinatataguan ng kaniyang hininga. Sa tulong ng taglay na anting-anting ng magkapatid ay natagpuan nila at napatay nila ang baboy ramo. Nanghina si Saragnayan nang mapatay ang baboy ramo kaya madali siyang napatay ng palaso ni Buyung Baranugan.

Pinawalan ng magkapatid si Labaw Donggon at pinaliguan. Ngunit nagtago ito sa loob ng isang lambat. Ang dalawa niyang kapatid na sina Humadapnon at Dumalapdap naman ang humanap kay Labaw Donggon at nakita nilá ito sa loob ng lambat ngunit nawala na ang kakisigan at kagitingan ni Labaw Donggon dahil sa tagal ng panahon. Halos bingi na rin si Labaw Donggon at lubhang naging matatakutin. Gayunman, pinagtulungan siyáng gamutin nina Abyang Ginbitinan at Anggoy Doronoon. Gumaling si Labaw Donggon at naghangad pa rin siya na makahanap ng magandang asawa. Nagalit ang dalawa niyang asawa ngunit nangako sila Labaw Donggon na pantay-pantay siláng ituturing na asawa kasama ni Malitung Yawa Sinagmaling. Hindi nagtagal at muling nagbalik sa dati ang lahat. Naging masaya uli ang pamilya ni Labaw Donggon.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa binasang epiko ng Hinilawod.

1. Ano ang katangian ng tatlong magkakapatid na sina Labaw Donggon, Humadapnon, at Dumalapdap?
   **Sagot:** ________________________________________
2. Bakit natalo ni Saragnayan si Labaw Donggon?
   **Sagot:** ________________________________________

3. Ano ang ginawa ni Saragnayan kay Labaw Donggon?
   **Sagot:** ______________________________________
4. Paano natalo ng magkapatid na Asu Mangga at Buyung Baranugan si Saragnayan?
   **Sagot:** ______________________________________
5. Anong katangian ng kabayanihan ang ipinakita sa epiko?
   **Sagot:** ______________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Isulat ang natuklasang kaalaman sa kuwentong Hinilawod. Magsulat ng isa hanggang dalawang pangungusap.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Una | |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pang-uring Pahambing | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Pang-uring Pahambing (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**

*b. Kaantasan ng Pang-uri (pahambing)*

**III. Mga Kailangang Materyales**

Lapis

**IV. Panuto:** Guhitan ang mga **pang-uring pahambing** sa bawat pangungusap at tukuyin ang uri nito.

1. Kilala si Labaw Donggon dahil sa kaniyang kapangyarihan.
   **Uri:** ____________________________________________
2. Sa tatlong magkakapatid, si Labaw Donggon ang pinakamahilig sa magagandang babae.
   **Uri:** ____________________________________________
3. Di hamak na mas malakas ang anting-anting ni saragnayan kay Labaw Donggon.
   **Uri:** ____________________________________________
4. Mautak si Buyung Baranugan kaya natuklasan niya ang lihim ni Saragnayan.
   **Uri:** ____________________________________________
5. Lubhang mahina na si Labaw Donggon nang siya ay matagpuan ng magkapatid.
   **Uri:** ____________________________________________

**B.** Sumulat ng limang pangungusap na may pang-uring pahambing. Guhitan ito.

1. Pangungusap: ____________________________________________________
2. Pangungusap: ____________________________________________________
3. Pangungusap: ____________________________________________________
4. Pangungusap: ____________________________________________________
5. Pangungusap: ____________________________________________________

**C. Paglalapat at Pag-uugnay.**

A. Sumulat ng limang pangungusap na may pang-uring pahambing gamit ang mga pang-uring nakasaad bilang gabay.

1. **malakas**

   *Lantay:* ____________________________________________________

2. **mas makapangyarihan**

*Pahambing na di-magkatulad:* ______________________________

3. **pinakamakisig**

*Pasukdol:* __________________________________________________

4. **magkasingganda**

*Pahambing na magkatulad:* ________________________________

5. **mahina**

*Lantay:* ____________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Isulat ang sariling kahulugan ng pang-uring pamilang. Magtala ng limang halimbawa.

| Sariling Kahulugan | Limang Halimbawa |
|---|---|
| 1. | 1. ______________________ <br> 2. ______________________ <br> 3. ______________________ <br> 4. ______________________ <br> 5. ______________________ |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Una | |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Elemento ng *multimedia (graphics (drawings)* | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain 4: Elemento ng *multimedia* (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**Natutukoy ang mga elemento ng multimedia.**

- *graphics (drawings)*

**III. Mga Kailangang Materyales**

Lapis, pangkulay

**IV. Panuto: A.** Isulat ang pinakagustong katangian ng bayani na nasa larawan.

| Bayani | Pinakagustong katangian |
|---|---|
|  Mula sa: Arbasto, S. (2018). *Jose Rizal*. Behance. https://www.behance.net/search/projects/jose%20rizal | **Jose Rizal** ____________________ ____________________ ____________________ ____________________ |
|   Mula sa: Shutterstuck (n.d.) Andres Bonifacio Portrait from Philippines Banknotes. https://www.shutterstock.com/search/andres-bonifacio | **Andres Bonifacio** ____________________ ____________________ ____________________ ____________________ |

| | |
|---|---|
| <br>Mula sa: Bayani Art (n.d). Gabriel Silang. https://www.bayaniart.com/articles/gabriela-silang-biography/ | **Gabriela Silang**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

**B.** Gumuhit ng pinakapaboritong tauhan sa epikong binasa. Ipaliwanag kung bakit siya ang pinakapaborito sa mga tauhan. Isulat ito sa ibaba ng larawan.

**Paliwanag:**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| KRAYTERYA | 5 | 4 | 3 | 2 | PUNTOS |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagkamalikhain** | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa iginuhit na larawan | Naging malikhain sa iginuhit na larawan | Hindi gaanong naging malikhain sa iginuhit na larawan | Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa iginuhit na larawan | |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng iginuhit na larawan | Malinis ang iginuhit na larawan | Hindi gaanong malinis ang iginuhit na larawan | Maraming dumi ang iginuhit na larawan | |
| **Paliwanag** | Napakahusay ng pagpapaliwanag sa larawan | Mahusay ng pagpapaliwanag sa larawan | Hindi gaanong mahusay ang pagpapaliwanag sa larawan | Hindi angkop ang pagpapaliwanag sa larawan | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Buoin ang mga pahayag:
1. Kung ako ay isang bayani, ako ay ______________________________
2. Kung ako may kapangyarihan, nais kong ______________________________
3. Kung ako si Labaw Donggon, ______________________________